## ANUMAN ANG KATAYUAN NG IMIGRASYON, MAYROON KANG KARAPATAN SA:

- Mabayaran sa lahat ng oras na iyong pinagtrabahuhan, kasama na rito ang panahon ng pagsasanay
- Mabayaran ng hindi bababa sa minimum na sahod, mabayaran ang overtime at regular na mabayaran (karaniwan ito ay lingguhan o kada ikalawang linggo)
- Malaman ang mga kaltas sa iyong sahod, at huwag kailanman pumayag na magkaltas sa sahod nang walang nakasulat na pahintulot.
- Magtrabaho sa isang ligtas na kapaligiran na walang diskriminasyon, sekswal na panliligalig at pang-aabuso
- Humingi ng tulong mula sa Departamento ng Manggagagwa sa nys nang walang takot na mapaghigantihan

## ANG PUWERSAHANG PAGTATRABAHO AY ISANG KRIMEN!

### MAAARING ITO AY ISANG KRIMINAL NA PAGLABAG SA IYONG MGA KARAPATAN KUNG IKAW AY:

- Sinabihan na kailangan mong magtrabaho para makabayad ng utang
- Sinabihan na kukunin ng iyong employer ang iyong pasaporte o id
- Pinangakuan ng benepisyo na hindi mo natanggap, tulad ng Green Card o pera
- Pinagbantaan na tatawagan ang imigrasyon o pulis kung hindi ka magtatrabaho
- Pinagbantaan na ikaw o ang iyong pamilya ay masasaktan
- Tunay na nasaktan, o isang miyembro ng pamilya ang nasaktan

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at kung anong tulong ang available, tawagan ang 24-oras na hotline ng National Human Trafficking sa **888.373.7888** o ang DOCE hotline sa **877.466.9757**.

Maaari mo ring i-email ang **trafficking@labor.ny.gov**

**888-469-7365** | @nyslabor | www.labor.ny.gov

Ang Kagawaran ng Manggagawa sa Estado ng New York ay isang Employer/Programa na may Pantay ang Oportunidad.

Ang mga auxiliary aide at serbisyo ay makukuha kapag hiniling at walang bayad sa mga indibidwal na may mga kapansanan TTY/TDD 711 o 1-800-662-1220 (Ingles) / 1-877-662-4886.

P746.3 T (02/24)




## PROTEKTAHAN ANG SARILI MO!

### MAGTABI NG TALA NG:

- Mga araw at oras na ikaw ay nagtrabaho
- Magkano ka nabayaran at kailan
- Mga petsa at oras ng mahahalagang kaganapan sa trabaho (mga pinsala, pagbabanta o salungatan), at kung kanino mo ito iniulat